BALITA AT OPINYON

FREE COPY

MARITIMA

VOL. 1 • ISSUE 2

FEB 15-28, 2014

PIO MARKETING
Corporate Giveaways & Sports Apparel
EMBROIDERY • HEAT PRESS • SILK SCREEN
www.piomarketing.com
TEL.NO.: 484-5468 / 523-8094 / 385-8438

KAYOD NG MARINA, KULANG SA MARINO

PAGE 2

HARRY'S HOME
SEAFARERS DORM

423 United Nation Avenue Ermita, Manila

Tel. 5166015

Mobile: 09089470131

Free WIFI, locker, beddings, near training centers, one block to Kalaw St.

DAILY RATES:

Php 110 - non-aircon
Php 160 /190 -aircon

SAGOT SA EMSA

PAGE 3

ISP OFFERS SALBABIDA

Page 4

PHILHEALTH, MAHIRAP SA MAHIRAP

PAGE 10

"PERFORM, REFORM, TRANSFORM"

- Ang bagong aklat ni Pangulong Fidel V. Ramos.

Inilunsad noong February 20 sa Powerbooks Glorietta, Makati. Dinaluhan ni VP Jejomar Binay at iba pang mga kilalang personalidad.

FIT & FAB

Fridays and Saturdays | Seafarer Center 5L SM City Manila

Lowest Dance Lesson Rates! | Classes Offered : Aerobics, Zumba & Belly Dancing

HAVE THAT BEST BOD EVER!

BE A MEMBER NOW!

484.1354 | 0908.2630310 | 0935.4951975

KAYOD NG MARINA, KULANG SA MARINO

Gumagawa na ng paraan ang MARINA (Maritime Industry Authority) upang maibsan ang mga problema kaakibat ng mga pagbabago sa naturang ahensya.

MARINA is concerned sa mahabang pila sa pagkuha ng CoP (Certificate of Proficiency), basic document para makapagtrabaho ang isang seaman.

Kumuha na ang MARINA ng dalawa pang palapag upang mapaganda at mapabilis ang serbisyo.

Inilipat doon ang accreditation, monitoring at quality management system divisions.

Sa gayon ay nabigyan ng mas malawak na space para sa issuance ng CoP.

Subalit tuloy pa rin ang paghaba ng linya ng mga aplikante.

Para mauna kinabukasan, alas siyete pa lng ng gabi ay nakapila na ang mga nangangailangan.

Nadadagdagan ang problema dahil sa bulung-bulungan na napakahirap kumuha ng CoP.

Maraming marinong lumilinya na kahit hindi pa nila talagang kailangan.

Meron ngang Expedite System (ES) na laan para sa mga paalis na. Subalit ang ES ay usad-pagong din.

Dahil magkahalo ang pila ng regular at ES.

Sabi nga ni Capt. Jess Morales bakit hindi lagyan ng numbering system kagaya ng mga bangko.

Susog naman, lagyan din ng color coding sa bawat araw at quota ng kayang gawin ng MARINA sa bawat araw.

Maaaring humingi ng advance number pag nagpakita na sila ay tunay na marino at hindi mga scalpers o fixers na ibebenta lang ang kanilang numero sa pila.

Sa gayon hindi na kailangang sa gabi pa lang o madaling araw pumunta na ang mga aplikante.

Nga lang, ang kahit anong sistema ay puwedeng masira kung hindi ipapatupad nang mahigpit at maayos para sa kapakanan ng talagang mga marino.

SAMANTALANG…

Maging ang mga training centers at manning agencies ay apektado rin ng problema.

May mga centers na nakatengga ang accreditation ng additional courses.

Kahit pirmado na pala ni Administrator Max Mejia ang evaluation.

Hindi nare-release dahil karaniwang nakakalimutan. Daw.

Ang masaklap, bayad sila nang bayad sa mga kawani, gusali at ibang pangagailangan. Wala namang income dahil hindi ma-release ang accreditation.

Ang mga manning agencies naman ay iniiwan ng mga principals, kumukuha ng mga tripolante sa ibang lahi na pwede agad maglayag.

Para kasing mas mabilis sa ibang bansa ang dokumentasyon

ISP offers salbabida

To prevent the imminent closure of a great school, Capt. Jess Morales (ISP President) offers a helping hand to First Alumni President Capt. Buddy Lalisan, Philippine Maritime Institute.

PMI has been ordered by CHED to close two of the former's degree courses. The order may lead to the full closure of a school that graduated outstanding seafarers of the country.

Capt. Morales offers support with the combined alumni of PMMA and PMI to resuscitate the alma mater.

An option may be to infuse additional financing from the alumni, given the rumor of differences within PMI management.

SUMOBRA KAYA KINULANG

Balita galing sa Singapore na bumaba ang negosyo dahil sa sumosobra ang dami ng mga airplane sa rehiyon ng Asia.

Masyadong marami ang order para sa bagong eroplano dahil sa pagtantya na maglalakbay at maglalakbay ang mahigit 600 million sa Southeast Asia.

Ang nagpasimula ng aircraft buying trend ay ang VietJet Air at Thailand's NOK AIR.

Subalit ngayon ay over-capacity na ang ASEAN Carriers.

Ganito rin ang sitwasyon ng mga Ocean Carriers.

Over capacity dahil sa maraming order ng mga naglalakihang barko, pagtugon sa inaasahang mga exportasyon.

Nagkaroon ng global economic crisis kaya humina ang world trading at cargo logistics.

Dahil nga humina ang ekonomiya at sumobra ang order ng mga bagong carriers kung kaya kinulang ngayon ang negosyo ng aviation at maritime.

EMSA: TANGGAP KAYA?

February 5 natanggap ng MARINA (Maritime Industry Authority) ang draft EMSA audit report.

Binibigyan pa ang Gobyerno ng pagkakataon para sa factual corrections bago i-finalize ng EMSA team ang kanilang report.

October 8-24, 2013 ang huling audit ng EMSA sa STCW implementation system ng bansa.

Sinuri ang MARINA, CHED, PRC, NTC, at DOH. At ang 18 maritime education and training institutions.

Sa circular letter ni MARINA Chief of Staff Jabeth Dacanay noong February 12: The draft EMSA audit report explicitly noted that the "change in the structure of the maritime administration was an ongoing process."

Pagkaklaro rin ni Dacanay, "The draft report makes no such recommendations – neither to continue nor withdraw recognition of Philippine certificates.

At 4,000 o roughly 5% ng total 80,000 jobs total Filipino seafarers on board EU-flagged vessels ang apektado kapag natuloy ang EU ban.

Ang tanong: katanggap-tanggap kaya sa EMSA ang sagot ng Pilipinas?

Sa draft audit report tinukoy ang tatlong major areas of concern: quality standard system, programme and course approval at monitoring and evaluation of training assessment.

Sa March opisyal na isa-submit ang EMSA report sa European Commission. April inaasahang magdedesisyon ang EC.

MARINA LAHAT

By the end of the month inaasahang lalagdaan na ni Pangulong Benigno Aquino III ang batas na nagtatalaga sa MARINA bilang single agency na magpapatupad ng international standards para sa mga seafarers.

Ang House Bill 3766 ni Angkla partylist Rep. Jesulito A. Manalo at Senate Bill No. 2043 ni Senate President Franklin Drilon ay parehong inaprubahan noong February 10.

Sa ilalim ng batas, kukunin na ng Marina ang lahat ng powers at functions ng Professional Regulation Commission, Technical Education and Skills Development Authority, Commission on Higher Education, National Telecommunications Commission, at Department of Health na may kaugnayan sa issuance, validation, verification, correction, revocation o cancellation of certificates of competency, proficiency, endorsement at iba pang documentary evidence required sa lahat ng seafarers.

Sabi ni Dacanay, "The new law will establish firm control over all processes relating to STCW implementation and eliminate layers of bureaucracy …"

LIPAT NA LANG?

Simula February 24 ang pagpapatupad ng City Ordinance 7570 o amended traffic management code – ban sa mga trucks sa mga kalye ng Maynila mula 5 a.m. to 9 p.m. Monday to Saturday.

Pero protesta ni Alberto Suansing, president ng Integrated Truckers Association of the Philippines: "The truck ban is "going to be a logistical nightmare."

Sabi ni Suansing, imposible dahil tatlong oras ang average sa loading pa lamang ng mga kargamento sa pier.

Suggestion pa nito, iparehas na lamang sa ipinatutupad ng MMDA truck ban at iayos ang traffic management gaya ng pagtatalaga ng lane para lamang sa mga trucks.

Matigas naman ang paninindigan ni Manila Mayor Joseph Estrada: "As long as we are within the law we will enforce the law whether they like it or not. The law is the law."

Sakop ng truck ban ang cargo, gravel and sand, cement mixers, 8-wheelers at lahat ng truck na may gross vehicle weight, at least 4,500 kilograms.

May multang P5,000 sa mga lalabag at pwede pang ma-impound ang truck.

Dahil dito, pinag-aaralan na ng mga truckers at shipping companies na lumipat na ng operasyon sa Batangas Port.

Tampisaw Sa Pasig

Para iwas-traffic, hinikayat ni MARINA Deputy Administrator for Planning Nicasio Conti ang mga maritime firms na mag-invest sa ferry business.

Maraming infrastructure projects ngayon kaya inaasahan ang matinding road traffic.

Sisimulan na ang construction ng Metro Manila Skyway Stage 3 sa April at matatapos ito sa loob ng tatlong taon.

Sabi ni Conti, sa ferries, walang traffic.

Kailangan lang ang strict implementation ng loading and departure schedules, gaya ng sistema sa MRT at LRT.

Nagpahayag na ng interes ang Philippine Ship Agents Association na i-revive ang Pasig River Ferry System.

12 MILLION JOBLESS

Ayon sa December 11-16 survey ng SWS (Social Weather Station) 27.5% n gating work force ay walang trabaho.

In actual terms, mahigit na 12 million ang nangangailangan ng trabaho.

Susog pa nga, "The result, which compares with the official unemployment figure of 6.5% or 2.6 million, is the highest since August 2012.

The record high in the 20 years that SWS has been conducting the survey is 34.4%, hit in February 2009."

Ang ganitong kakulangan ng jobs ang nagbibigay balisa sa mga ekonomista. Para daw hindi tama na meron tayong economic growth na wala namang nabubuong sapat na mga trabaho.

They doubt any claim for inclusive growth without sufficient job generation. Lalong payak daw ang progreso kapag walang trabaho gaya ng 12 million natatala ngayon.

PHILIP MORRIS BAKA MAUPOS

Nanalo ang Philip Morris sa kaso against Thailand sa hindi makatarungang evaluation ng Thailand customs sa mga inangkat na sigarilyo ng Phillip Morris galing sa Pilipinas.

Ang tagumpay ng PM ay batay sa desisyon ng WTO (World Trade Organization).

Subalit ang tagumpay ay maaring mabalewala dahil sa isinampang kaso ng Thailand sa PM.

Pinagbabayad ng $2 billion ang PM Thailand. Ito ay sa mga importasyon (2003 at 2007) under valuation.

Sabi nga ni DTI Usec Adrian S. Cristobal Jr. balewala ang tagumpay ng PM sa WTO against Thailand kung pagbabayarin naman ng $2 billion ang PM inereport ng Bangkok Port noong Aug. 18, 2013.

Apektado ang ating mga tobacco farmers and cigarette manufacturing.

Halos mauupos ang Philip Morris sa dalawang dagok; una ang pagtaas ng sin tax na nagpahina ng benta dito, pangalawa ang pagbayarin ang PM ng $2-billion ng Thailand Government.

WORLD RECORDS NAILAKAD NG KAPATID

"Congratulations! You are now officially amazing, again!"

Guinness world records official adjudicator Kirsty Bennett announced, February 16.

Nakuha ng Iglesia Ni Cristo ang dalawang bagong world records para sa "Worldwide Walk" for Yolanda survivors na ginawa noong February 15, ika-100th day mula nang manalasa ang Super Typhoon sa Visayas.

Una para sa the largest charity walk in a single venue involving "validated" 175,509 participants in Manila.

Pangalawa, para sa "the largest charity walk in 24 hours in multiple venues" with more than half a million participants worldwide – or 519,221 walkathon delegates.

"Una sa lahat ay pinapasalamatan natin ang ating Panginoon Diyos. Sumasampalataya tayong lahat na ang lahat ng tagumpay ng Iglesia Ni Cristo lalo na sa kasalukuyang panahon ay ang Diyos ang may pasya," pahayag ni INC minister Glicerio B. Santos Jr., the Church's General Auditor.

Ang naipong proceeds at donasyon para sa proyekto ay itutulong sa mga biktima ng Yolanda na na mga Iglesia ni Cristo at maging sa mga hindi kaanib nito.

BUONG LAGUNA GINALUGAD

Sa pangunguna ng Obispo ng San Pablo, isang malawakang motorcade ang ginanap tungo sa bawat bayan ng Laguna.

Ito ay upang ipaalam ang tahasang pagtutol ng simbahang Katoliko sa anomang batas na magpapatud ng abortion, divorce, and same sex marriage.

Ang simbahang katoliko ay dati ng nanindigan laban sa RH (Reproductive Health), batas na magpapatupad ng abortion.

Ang RH ay nakabinbin ngayon dahil sa pagpigil ng Korte Suprema sa tahasang pagpapatupad nito.

Ang motorcade ay ginanap noong February 8. Ito ay itinuturing na pagpapakitang-gilas o muscle-flexing ng mga Katoliko sa mga usaping pang-pamayanan.

Other observers are interpreting the move as warm-up on the oral argument on the RH law still unimplemented due to a TRO by the Supreme Court.

Ito din daw ay paghahanda sa natutunugang pagsasabatas ng diborsyo.

EDITORIAL

Kuha 10PM sa MARINA, Feb 17. Ganito ba ang ating pag-aruga sa ating mga bagong bayani?

MARITIMA

EDITORIAL BOARD

LYN BACANI
Publisher

BAYANI LAGAC
Editorial Consultant

MARINO WORLD
Writer's Pool

JHON HENSON ONG
Layout

ROYETTE DE PAZ
Photography

MIA LAPIS
Marketing

Adm. Wilfredo Tamayo, PCG (Ret.)
Capt. Rodolfo Estampador
Commo. Dante Jimenez, PCGA
Capt. Jaime Quinones
Engr. Sammuel Lim
Guest Columnists

Published twice a month by:
Bacani & Associates
Media Services Co. (BASMS)

1732 Modesto St. Malate, Manila
521-3633; 785-1130; 0916-630-7080
maritimanews@gmail.com
www.marino-world.com

Mag-usap, please. Masinsinan.

Humahabol ang Pilipinas sa puntong isa lamang ang ahensyang nangangasiwa sa industriya ng maritima.

A single port state administration ang pinaiiral ng mga progresibong bansa. Kung kaya mabilis at magaling ang kanilang pamamahala sa pagpasok at paglabas ng mga barko ng kalakalan.

Dito sa atin, sinimulan na ni Pangulong Aquino ang single authority concept. Pinalabas niya noong April 2012 ang Executive Order 75 para sa isa at malawakang pangangasiwa sa maritime industry.

Ngayon, ang EO 75 ay masasabatas sa pangungulo ng Angkla, ang Partylist representation ng mga marino.

Ang buod, ang pagsasabatas ng House Bill 3766 ay pasado na saLlower House at sa Senado. Ito ay dadaan na lang sa Bicam Committee upang malagdaan na ni Pangulong Aquino bilang isang batas.

Magaling at mahusay sa papel.

Sa pagbabagong ito, biktima na naman ang mga seafarers. Bakit?

Dahil sa turf war ng mga ahensya. Bantulot bitawan ang dati nilang authority; kulang naman sa kaalaman ang pinagsalinan ng gayong authority.

Example: Sa issuance ng CoP from TESDA to MARINA.

Kulang na kulang ang mga tauhan ng MARINA sa kaalaman ng proseso. Sobrang sobra naman ang TESDA sa may kaalaman subalit inilalagay sa iba na namang responsibilidad.

Kulang sa pinagsalinan, sobra sa iniwan – Bakit hindi mag coordinate itong dalawang ahensya?

Ang biktima nito ay mga seafarers sa mahabang pagkabalam ng CoP. Natutulog sa bangketa, nilalamok sa gabi, nanginginig sa lamig sa madaling araw.

Pagkatapos sa umaga, nabibilad sa araw habang nakatayo sa napakahaba at usad-pagong na pila.

Ganito ba ang pagturing sa mga Bagong Bayani?

Panay ang papuri sa malaking kontribusyon ng mga marino sa ekonomiya.

Pero kapos sa pag-aruga dahil sa weak or confusing policies, red tapes at kakulangan ng pondong pangsuporta sa mga serbisyo para sa mga marino.

Buti na lang, to the rescue ang private sector.

Marami sa kanila ay dating mga marino kung kaya alam ang mga pangangailangan.

Apektado rin ang kanilang mga negosyo.

Lumalaki ang kanilang gastusin dahil sa mga delay ng dokumentasyon para sa kanilang crew. Nangyayari, gumastos na, iniwan pa sila ng kanilang principal na ayaw maghintay kung kelan uusad ang bureaucracy.

Dito tugmang-tugma ang titulo ng bagong aklat ni Pangulong Fidel V. Ramos: Perform, Reform and Transform!

Lyn Bacani
Publisher

Violence on Women and Children

Atty. Ma. Cristina A. Ramos-Beltran

(Second of two parts)

Sa iba pang mga kaso ng paglabag umano Republic Act No. 9262 o Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004 (Anti-VAWC o VAWC), ang habla ng misis ay base sa hindi umano pagbabayad ng akusado sa damit na isinuot ng kanilang anak para sa society ball sa paaralan.

At ang pagsasabi umano ng akusado ng nakakainis na mga salita kay misis noong hinihingi nito ang pambayad sa damit.

Ang hindi pagbabayad ng ama sa kasuotan ng anak at ang pagsasabi nito ng nakakainis na salita ay nagdulot umano ng sakit sa kalooban at damdamin ng kanyang asawa at anak kung kaya't ang mga ito ay maituturing daw na economic abuse at psychological violence.

Dahil dito, dalawang magkabukod na kaso ang isinampa laban sa mister, isa ay para sa hindi pagbabayad ng damit ng anak para sa society ball at isa naman para sa pagsasabi ng mga nakakainis na salita sa kanyang misis.

Ang mga nasabing halimbawa ay ilan lamang sa mga aktuwal na kaso ng paglabag diumano sa RA No. 9262.

Sa aking palagay, kakatwa ang mga nasabing halimbawa at hindi karapat-dapat na paggugulan ng panahon at resources ng husgado at piskalya dahil higit na maraming kaso ang nangangailangan ng atensyon at panahon ng ating hukuman at piskalya.

Sa kasamaang-palad ay may mga taong inaabuso ang nilalaman ng batas na ito nang walang pakundangan sa nasasayang na panahon ng husgado at piskalya (na mula sa buwis ng mamamayan) at sa pagiging sagabal ng pagsasampa ng mga kasong tulad nito tungo sa pagkakaayos ng pamilya o ng isang relasyon.

Maganda ang hangarin ng batas na ito na ipinaliwanag ng Kataas-taasang Hukuman sa isang kaso kung saan ay idineklara na ito (RA 9262) ay naayon sa Saligang Batas.

Subalit ang pag-abuso sa depinisyon at tala ng maituturing na "acts of violence" ang nagdudulot ng hindi magandang epekto sa pamilya at maging sa lipunan.

Ilan sa mga pinaparusahang gawain na maituturing na "acts of violence" ayon sa batas kung saan ang babae ay maaaring magsampa ng habla laban sa kanyang asawa, dating asawa, ka-live-in, dating ka-live-in, boyfriend, ex-boyfriend, girlfriend o ex-girlfriend (lesbian o tomboy), o sinumang tao na kanilang karelasyon o nakarelasyon ay ang sumusunod:

Pananakit sa babae at/o kanyang anak; pagbabanta na sasaktan ang babae at/o ang kanyang anak, tangkang pananakit

VITA PLUS NATURAL HEALTH DRINK
Meet your daily requirements of Vitamins, Minerals, Micronutrients, Anti-oxidants and immunity enhancing Phytochemicals
Order Now: 785-1129; 0906-5160940

Paglalagay sa babae at/o sa kanyang anak sa panganib, pagbabanta sa babae o sa kanyang anak na aalisan o aktuwal na pag-alis (sa babae o anak) ng custody sa kanyang pamilya/mga anak.

Pagtatanggal ng sustento, hindi pagbibigay ng sapat na sustento, pagbabanta na tatanggal sa babae at/o kanyang anak ng anumang legal na karapatan, aktuwal na pagtatanggal ng legal na karapatan.

Pagpigil sa babae o anak na maghanap-buhay, pagkontrol sa pera at ari-arian ng babae, solong pamamahala at pagkontrol ng inirereklamo sa conjugal money at properties.

Pananakit ng inirereklamo sa kanyang sarili o pagbabanta ng inirereklamo na sasaktan niya ang kanyang sarili upang kontrolin ang desisyon ng babae at/o ng kanyang anak. Halimbawa: "Kung iiwan mo ko, magpapakamatay ako!"

Stalking o pagsunod sa babae at/o sa kanyang anak sa pampubliko o pribadong lugar, pagmamatyag at pagmamasid sa bintana o sa labas ng tinitirhan ng babae at/o ng kanyang anak, pagpasok sa tinitirhan ng babae at/o ng kanyang anak

Pagwasak sa ari-arian at anumang personal na gamit ng babae at/o ng kanyang anak, pananakit sa alagang hayop ng babae at/o ng kanyang anak, paggawa ng anumang uri ng harassment o violence, pagdudulot sa babae at/o sa kanyang anak ng emosyonal o mental na pasakit at pamamahiya sa babae at/o sa kanyang anak sa publiko.

Bagamat ang ilan sa mga nabanggit ay dati nang ipinagbabawal sa Binagong Kodigo Penal, ang RA 9262 ay nagpapataw ng mas mabigat at mas mataas na parusa at multa.

"Laws control the lesser man... right conduct controls the greater one." – Mark Twain

MARITIMA lifts anchor!

February 14, Seafarer Center, SM Manila.

SALAMAT PO!

MARITIME INDUSTRY AUTHORITY
Dr Max Mejia, Jr., Administrator
Atty. Nicasio Conti, Deputy Administrator (Planning)

ANGKLA Partylist
Hon. Jesulito Manalo, Representative
Capt. Ronald Enrile, Second Nominee

OVERSEAS WORKERS WELFARE ADMINISTRATION
Ms. Carmelita Dimzon, Administrator
Dir. Albert Valenciano, Policy and Program Devt.

JOINT MANNING GROUP
CONFEDERATION OF MARITIME MANNING AGENCIES
PHILIPPINE ASSOCIATION OF MARITIME INSTITUTIONS
INTEGRATED SEAFARERS OF THE PHILIPPINES
ASSOCIATED MARINE OFFICERS & SEAMEN'S UNION OF THE PHIL.
MASTERS AND MATES ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES
PHILIPPINE SEAFARERS UNION
VOLUNTEERS AGAINST CRIME AND CORRUPTION
ROTARY CLUB OF MAKATI BUENDIA
SOCIETY OF NAVAL ARCHITECTS AND MARINE ENGINEERS
SEAMEN'S WIVES ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES
NORZAGARAY WOMEN'S CLUB

RAdm Adonis Donato
Capt. Rodolfo Estampador
Dr. Elizabeth Salabas
Commo. Dante La. Jimenez
Capt. Erik Blom
Capt. Alexander Abilo
Mr. Manny David
Capt. Jess Morales
Engr. Elmer Pulumbarit
Engr. Bienvenido Lorque
Capt. Ed Baratang
Dr. Alice Lamigo

Presentors
SM City Manila, SM Global Pinoy, Seafarer Center, Joint Manning Group, New Simulator Center of the Philippines, Pioneer Insurance, Duty Free.

Major Sponsors
Integrated Seafarers of the Philippines, OSM Maritime Services, Pacific Ocean Manning, Inc., Marsaman Manning Agency, Inc., SM Appliance Center.

Minor Sponsors
Angkla Partylist, Rotary Club of Makati Buendia, WSP Maritime Training Center, Maritime Technological and Allied Services, Isuzu, Pro Friends, BangkaPro, Paseo Verde, ShipHaus, Western Union, ARC Philippines, Philippine Registry of Shipping, Lorque, Lorque and Associates, Harry's Home.

Donors
Capital Shipmanning Philippines,Waters Philppines, Vita Plus, Ping Ping Lechon, Abesamis Optical, Kyla's Taho and Soya Milk, Sante International, Miracle Health, Aquarian Marine Supply, Bottled Ships.

Media Partners
Gabay ng OFW (DZEC), Global News Network, KMC Magazine

GOVERNMENT

Baka Menos, Pag Online

Balak ng Commission on Elections mag-pilot test ng online voting.

Target nito ang mga seaman at OFWs sa Middle East para sa 2016 elections.

Sabi ni Comelec Commissioner Lucenito Tagle, authorized ng Republic Act 10590 o ng Overseas Absentee Voting Act of 2013, ang pagboto via the internet.

Kung matuloy, pwedeng makatipid dahil hindi na magpapadala ng tauhan ang Comelec ang mag set up sa napaalawak na mga bansa.

CUSTOMS KAPOS, BIR KAYOD

Hindi na naman naabot ng customs ang target.

Dapat P340 billion ngunit ang nakolekta for 2013 ay P304.48 billion lamang.

Short na naman ang customs ng P35 billion, mahigit.

Kung kaya ang BIR ay pinuntirya ang mga maliliit na negosyante. Deklarasyon ni BIR Chief Kim Henares, dapat magbuwis ang lahat ng mga negosyo kahit na below P100,000 per annum.

Ibig mangyari ng BIR pati sari-sari store, taxi o jeepney drivers o magtataho ay mag-submit ng income tax returns upang mabuwisan.

Dedline ng pagbabayad ng tax ay ngayong April upang maiwasan ang penalty o dagdag buwis.

TOP SA BOARD

1,052 mula sa 2,005 na nag-exam ang nakapasa sa January 2014 Marine Deck Officers board exam ng Professional Regulation Commission at Board for Marine Deck Officers.

60 mula sa 111 ang pumasa sa Master Mariner Licensure Examination, 266 mula sa 510 sa Chief Mate at 726 mula sa 1,384 sa OIC.

Si Expedito Bantoto Saringan ng Negros Oriental State University (CVPC) – Dumaguete, ang nanguna sa Master Mariner board exams.

Si Cirleo Natabio Meñez ng Aklan Polytechnic Institute sa Chief Mate board exam.

At si Robin Neil Munoz Dave ng Asian Institute of Maritime Studies ang nanguna sa OIC of Navigational Watch exam.

PHILHEALTH MAHIRAP SA MAHIRAP

Philhealth ang government health insurance kaya lang parang mahirap asahan sa dagliang pangangailangan ng mga mahihirap.

May maling paniniwala na libre ang coverage sa senior citizen. Tama, kapag nakapagbayad na ng 120 months ang naturang senior citizen.

At kapag ikaw ay nahinto ng pagbabayad buwan-buwan, maaalis ka sa proteksyon ng Philhealth at pagbabayarin ka muna ng lubos.

Kapag ikaw ay updated na sa iyong mga premium, hindi ka pa rin protektado ng Philhealth.

Dahil ikaw ay suspendido muna ng tatlong buwan o mahigit. Kung kaya marami ang nagtataka, bakit pinagbayad ka na, hindi ka naman bibigyan ng serbisyo.

Mahirap pa nga kapag nagkaroon ng malubhang sakit na kadalasan ay hindi saklaw ng Philhealth. Isa na rito ang mga maseselang tipo ng cancer.

Batay sa pananaliksik ng Nielsen Philippines, sinabi ni managing director Stuart Jamieson na ang kalusugan ay isa sa pangunahing pinag-iipunan ng mga Pilipino.

FREE SEMINARS

How to plan and start a business
Personality development training
Accounting for non-accountants
How to handle finance and budgeting
Other livelihood trainings like piggery, farming, handicrafts making etc.

For seafarers and their families
Every Saturday
Jemarsons Place building
1626 Pilar Hidalgo Lim St.
Tels: 4005984/ 4005986/ 9869742
Email: ISPhilippines@yahoo.com.ph

INTEGRATED SEAFARERS PHILIPPINES 2013

WSP Maritime Training Center Inc.
1802-1806 Prestige Tower, F. Ortigas Ave. Ortigas Center, Pasig City 1605
Tel. +632 6553016, Fax +6326559641
Website: www.wspmtc.com Email: wspmtc.info@westshipmanila.com
www.facebook.com/WSPMTC

WSP MARITIME TRAINING CENTER, INC., IS OFFERING THE FOLLOWING MARINA ACCREDITED TRAINING COURSES:

1. Operational Use of Electronic Chart Display and Information System Course (ECDIS 2012)
2. Radar Navigation, Radar Plotting and Use of ARPA (RNRPA)
3. Basic Training in Oil and Chemical Tankers
4. Consolidated MARPOL 73/78
5. Ship Security Awareness Training and Seafarers with Designated Security Duties (SSATSDSD)
6. Ship Security Officer Training Course (SSO)
7. Medical Emergency First Aid (MEFA)

ADDITIONAL TRAINING COURSES BEING OFFERED ARE AS FOLLOWS:

Voyage Planning and Chart Correction
ISM Code for officers and Ratings
Safety Awareness for Program for Ratings (SATPRO)
Collision Regulation (COLREG)
AIS
Risk Management and Incident Investigation

OUR FLAGSHIP COURSE: Maritime Resource Management (MRM) – a training course developed by ISF Maritime Services Pvt. Ltd. (India) for and on- behalf of WSP- Maritime Training Center.

BY THE END OF THE 1ST QUARTER OF 2014 – COMMISSIONING OF THE NEW FULL MISSION BRIDGE SIMULATOR FROM TRANSAS!



LIFESTYLE

Healthy WATERS

Basic need ang malinis na tubig. Kaya una rin ito sa budget ni Misis.

Pero kuntento ka na bang bumili ng bottled water for life? Na kung susuriin ay may masama ring epekto sa ating kalusugan?

Kung gustong makatipid sa tubig at protektahan ang kalusugan ng pamilya: Have your own water purifier.

Sa pinakamababang monthly installment na P888!

Yan ang alok ng Waters Philippines na 19 years na sa business. At Intenational awardee for quality.

Over 70% of the human body is water. You are what you drink.

Kaya kailangang maingat sa iniinom na tubig.

May 9 unbeatable benefits ang Waters:

Removes sediments and impurities which boiling cannot do;

Removes chlorine, a suspected carcinogen, present in 85% of our tap water;

Reduces chemicals (of which there are some 65,000 types and still increasing) that seep into our tap water;

Eliminates bacterial growth in water;

Provies healthy alkaline water within the 7.3 to 8.5 pH

Offers fresh and delicious water with small molecular clusters easily absorbed by our body;

Provides water with hexagonal-shaped molecules which is like the shape of DNA (basic genetic structure of man);

Reduces harmful heavy metals that can cause birth deformities;

Supplements water with 20 kinds of minerals at a fraction of the cost of bottled water.

Ang paggamit ng Waters Bio Mineral Pot ay hindi nangangailangan ng electricity o water pressure at hindi nagre-require ng in-sink installation.

With a Waters unit, you pay P1.43/liter of purified, mineralized and alkaline water. A 35% savings vs. water from refill stations.

Sure ka pang healthy ang tubig mo!

At sa pagbili mo ng unit ng Waters, environment-friendly ka na, kabahagi ka pa nila sa pagtulong sa Kythe Foundation Care Center. Every purchase you make helps a child with cancer.

Nag-donate din ang Waters ng over 60 houses to the Gawad Kalinga Project.

At nagbibigay ng libreng reconstructive surgery and related healthcare to children and young adults suffering from facial deformities gaya ng cleft lip and cleft palate.

For inquiries, call your Waters Distributor now: (632) 785-1129 / 0917-9048613.

WATERS BIO MINERAL POT

3-IN-1 PURIFIER, MINERALIZER AND ALKALINE-MAKER

Brings back life in your water!

- Faster flow rate (15-30 mins. vs. 31/2 hrs. of others)
- Alkaline water (imitation mineral pots become acidic after a few months)
- Service (free drinking stations service to clients)
- Taste (delicious, unlike distilled or boiled water which tastes flat)
- Extra filters (none from cheap imitation)
- Reagent Kit free (you get 3 testers for free)
- Cheaper than bottled water (only P1.43 / liter)
- Home delivery and home after sales service
- Electricity-free
- Warranty and reminder (1 year warranty against factory defects with postcard reminders)

Investment and Protection You Deserve

ENHANCE

Enhance is a variable life insurance product offering fixed premium payments together with the flexibility to increase protection or maximize investment returns throughout the duration of the policy.

PIONEER
YOUR INSURANCE

PIONEER LIFE INC.
Unit 2704-2705, 27/F Antel Global Corporate Center
#3 Doña Julia Vargas Avenue, Ortigas Center, Pasig City 1605
Tel: +63 2 687 3152 • Fax: +63 2 687 3153
www.pioneer.com.ph
Contact: Daprosa Paiso

PROPERTY COMPANY OF FRIENDS, INC.

15 years

PRO • FRIENDS

Steadfast in its purpose of creating communities and transforming lives.

www.profriends.com

Head Office: (02) 491 - 7700 . Pampanga: (045) 455 - 0922 . Iloilo: (033) 338 - 3656

LIFESTYLE

PROUD KAY PAPA

6th PRC and MMAP joint oathtaking. Sobrang inspired si C/M Henry Tagaro kasama ang kanyang mag-ina sa City Sports Club Cebu, Ayala Center, Jan 25.

M&E

MADE TO ORDER FOOD
FOR SPECIAL OCCASIONS
puto, pancit, brownies, siomai etc.

Call: 785-1129; 0906-5160940

Tips from a Seaman's Wife

(Second of three parts)

As a seaman's wife, life and future of my family is rewarding. But as a wife you must be able to manage well the 80% allotment that is hardly earned by your better half.

If the wife is working much better because this will add up to their earnings, and make more savings.

When you are expecting a baby in the family, add another envelope for the expectant baby expenses. Then another envelope for his/her future education.

Health insurance for the family must be secured because we do not know what lies ahead of us. We should be prepared for any eventualities in life; because this is sure to happen when? We do not know just be prepared.

Do this routine every month and you will not have a problem in your budgeting of your monthly expenses. And for your savings you will have a simple amount that will make your husband seafarer very proud of you because you are able to manage your wealth wisely.

When your husband comes home for a vacation you tell him of your savings and definitely he will appreciate you for taking good care of his earnings. For sure he will give you his savings out of his 20% shipboard salary and overtime and add it to your savings.

As you do this, the more that your husband will respect, trust and love you.

MARITIME BREAK

ACROSS

1. Floating
2. Said of a vessel when not at anchor, nor made fast to the shore, or aground.
3. A member of the steward's department who served meals to officers and crew
4. A ship designed to carry various types of liquid cargo, from oil and gasoline to Molasses, water and vegetable oil.
5. The timber or bar forming the backbone of the vessel and running from the stem to the stempost at the bottom of the ship.

DOWN

1. To sink (out of control).
2. To steer wildly or out of line of course.
3. A device or iron so shaped to grip the bottom and holds a vessel
4. The path of the vessel.
5. The after part of the vessel (back of)



***SAGOT SA NAKARAAN:**

ACROSS 1. admiral 2. hurricane 3. starboard 4. berth 5. labor

DOWN 1. master 2. house 3. rig 4. freeboard 5. davit

V. Ships

PACIFIC OCEAN MANNING, INC.

1535 M. ADRIATICO ST. ERMITA MANILA
1000 MANILA, PHILIPPINES
TELEPHONE NO: 401-9557 / 09178537511

OUR COMPANY OFFERS FAST PROMOTIONS AND PROMPT PAYMENT OF ALLOTMENTS

WE PROVIDE PERFORMANCE AND RETURN BONUSES*
WE OFFER MEDICAL INSURANCE FOR SENIOR OFFICERS AND FAMILY*
COMPANY PAID TRAININGS AND TRAINING ALLOWANCES
FOR SELECTED CLIENTS*

See our latest openings on www.vcrew.com, Facebook and seamanjobsite.com

Ship types: BULK, OILCHEM, CRUDE OIL, CHEM, RORO/CONTAINER AND VARIOUS OFFSHORE VESSELS
Most of the new ships coming into management are full Filipino complements

vcrew.com

Your career for life
is just a click away

POEA-240-SB-060313-R-MLC / SERIAL No. 05921
"Beware of illegal recruiters / Absolutely no fees to be collected."